*Ang pag-aaral ng mga karanasan sa mga taktikang alyansa sa eleksyong 2004 ay makabuluhan para sa pag-aaral at paghahanda sa eleksyong 2007 kung matutuloy. Makatutulong din ito sa patuloy na pagpapalawak at pagpapaunlad ng mga taktikang alyansa sa pakikibaka para patalsikin ang papet at pasistang rehimeng Arroyo.*

*- KTKS*

# MGA TAKTIKANG ALYANSA SA ELEKSYONG 2004

(Isinulat ng KTKS batay sa paglalagom na ginawa ng KPKS 2004)

Abril 2006

## Mga taktikang alyansa sa mga kandidatong presidensyal.

1. Pawang reaksyunaryo ang mga pangunahing kandidato at partidong naglabanan sa eleksyong presidensyal. Sa harap ng napakaigting na krisis, nagpaligsahan sila kung sino ang mas mahusay na makapagtataguyod sa interes ng imperyalismong US at reaksyong lokal. Kaalinsabay—dahil sa igting ng labanan ng mga reaksyunaryong paksyon, tindi ng diskontento ng masa, at makabuluhang lakas na ng mga rebolusyonaryong pwersa—nagpaligsahan din ang mga pangunahing kandidato sa pagnyutralisa kundi man pagkabig sa mga pwersang progresibo at rebolusyonaryo at masang nasa impluwensya nila.

   Samantalang inilalantad at tinutuligsa ang antinasyunal, antimasa at antidemokratikong saligang katangian ng eleksyon at mga reaksyunaryong partido at kandidatong presidensyal—hindi mali para sa mga rebolusyonaryong pwersa na gumamit ng mga taktikang alyansa at sumubok ng iba't ibang antas ng pakikipagmabutihan, mutwal na akomodasyon at pakikipagtulungan sa mga kandidatong presidensyal—kahit limitado at temporaryo—sa balangkas ng pagsamantala at pagpapaigting sa alitan ng mga reaksyunaryo at paghahabol ng pakinabang ng sambayanan at rebolusyon, batay sa pag-iiba-iba sa mga reaksyunaryong iba-iba ang pagkasagadsarin at kahandaang makipagmabutihan.

   Hindi laging mali para sa mga ligal na progresibong pwersa na lantad na humanay at makipagtulungan sa isang panig sa pag-aagawan ng mga reaksyunaryo sa sentro ng reaksyunaryong kapangyarihan. Sa pagpuna sa boykot bilang maling taktika sa biglaang eleksyong presidensyal ng 1986, kinilala ng Partido ang kawastuhan sa ilang pambihirang pagkakataon ng hayagang pag-endorso ng mga ligal na pwersang progresibo sa kandidato sa reaksyunaryong eleksyong presidensyal. Ang paglahok at pangunguna ng mga ligal na progresibong pwersa sa dalawang pag-aalsang tipong-EDSA, kung tutuusin, ay

pagsuporta—bagamat hindi sa labanang elektoral kundi sa pag-aalsang linalahukan ng malawak na masa—sa isang reaksyunaryong paksyon laban sa mas masahol na naghaharing paksyon.

Bago pa umabot sa hayagang pag-endorso, maraming posibleng antas at tipo ng tuwiran at di-tuwiran, lantad at di-lantad na suportahan na uubra sa mutwal na akomodasyon at pakikipagtulungan sa isang reaksyunaryong kandidato. At syempre pa, ang mga iligal na pwersang armado na hindi pwedeng lumahok sa reaksyunaryong eleksyon ay may akmang paraan at anyo ng taktikal na pakikipag-alyansa, na naiiba sa mga pamamaraan at anyo ng mga ligal na pwersang progresibong lumalahok sa reaksyunaryong eleksyon.

2. Bago ang eleksyon wastong itinaguyod ng mga ligal na progresibong pwersa ang panawagang *Patalsikin* para paigtingin ang pakikibaka sa papet at reaksyunaryong rehimeng US-Macapagal-Arroyo. Pero nang hindi nakalikha ng sapat na lakas ang kilusan sa pagpapatalsik at inabutan ito ng eleksyong presidensyal, maling ipagpalagay na ang *Junk* ang natural na karugtong ng panawagang *Patalsikin* at siyang tamang taktika sa eleksyon.

   Malinaw na walang usapin sa boykot kaya ang panawagang *Junk* sa eleksyong 2004 ay mangangahulugan ng pagkampanya laban sa reeleksyunistang presidente. Pero sa umpisa at kahit sa kabuuan ng kampanya walang sinumang kandidatong presidensyal na nagpakita ng sapat na batayan para hayag na suportahan ng mga progresibo. Ang taktikang *Junk* sa gayong kalagayan ay agad nagpapakitid sa opsyon ng mga ligal na progresibong pwersa at nagtutulak sa kanila na hayagang sumuporta at bumuntot sa reaksyunaryong oposisyon sa ngalan ng pagpapalayas kay GMA sa Malakanyang.

   Pwede ring ipakahulugan na islogang pampropaganda lamang ang *Junk* at ang aktwal na taktika ay ang pagdistansya at pasibidad sa eleksyong presidensyal habang inilalantad ang lahat ng naglalabanang paksyong reaksyunaryo.

   Subalit sa kalagayang ang mga progresibo ay may makabuluhang lakas at impluwensya na maaaring maging "*swing vote*" sa maigting na labanang elektoral ng mga reaksyunaryo, hindi dapat palampasin ang pagkakataon para samantalahin ang alitan ng mga reaksyunaryo at maghabol ng mga bentaheng pakikinabangan ng mga progresibong pwersa at sambayanan. Itinuturo sa atin ng Marxismo-Leninismo-Maoismo na pahalagahan ang ganitong mga bentahe kahit panandalian at maksimisahin ang mga ito para isulong ang mga isyu at laban ng sambayanan at mas mahusay na ipwesto ang mga pwersang rebolusyonaryo at progresibo para sa higit pang pagpapalakas. Sa halip na panawagan o taktikang *Junk*, mas akma ang taktika ng pagsamantala sa alitan ng mga reaksyunaryo habang tinutupad ang pundamental na tungkuling ilantad ang mga reaksyunaryong partido at kandidato at ang reaksyunaryong katangian ng eleksyon.

3. Sa kabuuan, laluna't naninibago pa sa kalakhan sa gayong antas ng pagkilos, limitado lamang ang inabot ng gawain at taktikang alyansa ng mga progresibo sa mga reaksyunaryong kandidatong presidensyal. Nakakuha sa ilan sa kanila ng paminsan-minsang mapagkaibigan o paborableng *sound bites* laban sa interbensyong US at imperyalistang globalisasyon, halimbawa. Pero walang nakuhang malaking konsesyon sa kanila sa usapin ng plataporma at patakaran. Nagamit ang mga taktikang alyansa para itulak

pasulong ang *peace talks*, palayain ang ilang bilang ng bilanggong pulitikal, at salungatin ang anti-teroristang pananakot at pakana ng imperyalismong US. Naitulak din si GMA na magpahayag ng pagkondena sa malalang karahasang militar laban sa mga progresibong party list at mangakong hindi haharangan ang panalo ng huli sa eleksyon. Pero sa kabuuan, limitado, di tuwiran, distansyado at kalat-kalat ang naging ugnay at pagtulong nila sa mga progresibong pwersa. Mga sekondaryong personalidad ang pinaugnay sa mga progresibong pwersa. Karamihan ng aktwal na pag-uusap ay hindi lumampas sa pagtingin sa mga posibleng saklaw at tipo ng pagtutulungan.

Ang ganitong antas ay pangunahing bunga ng sumusunod na mga kalagayan:

3.1. Maigting na interbensyong militar, pulitikal, ekonomiko at pinansyal ng US. Lubos na sinasamantala ng US ang desperasyon ng bangkrap na estadong papet para aroganteng manghimasok at magdikta sa mga lokal na reaksyunaryo. Todo rin ang opensiba ng propagandang anti-terorista, pro-globalisasyon at pro-neoliberal sa burgis na mass media. Matindi ang presyur sa mga lokal na reaksyunaryong pulitiko mula sa imperyalismong US at mga pangunahing sentro ng reaksyunaryong kapangyarihan (militar, mass media, malaking negosyo). Ginagantimpalaan ang pikit-matang pagsusunud-sunuran sa interbensyong militar at mga imposisyong pinansyal at ekonomiko ng US samantalang binabantaan at ginigipit ang mga sasalungat, laluna ang makikipagmabutihan sa mga pwersang rebolusyonaryo at progresibo.

3.2. Hindi sapat na lakas at lawak ng mga protesta at pakikibakang masa at mga TO ng BHB. Hindi pa sapat na nararamdaman ang lawak at lakas ng base at suportang masa ng rebolusyonaryong kilusan. Hindi pa rin sapat na nararamdaman sa mga protesta at pakikibakang masa ang lalim at tindi ng diskontento ng mamamayan sa napakatinding pambubusabos, pasistang panunupil at dayuhang interbensyon.

3.3. Sa kabila ng ilang makabuluhang tagumpay sa larangang elektoral, naninibago pa at marami pang dapat matutuhan dito ang mga progresibong pwersa. Kung tutuusin, lubhang mababa pa sa aktwal na antas ng base at suportang masa ang botong nakukuha ng mga progresibong pwersa. Sa maraming lugar at antas nahihirapan pa silang umangkop sa antas ng ditalyadong pagpaplano, koordinasyon at implementasyon, gayundin sa bilis ng kumpas ng kampanyang elektoral. Maraming nasasayang na pagkakataon at natatalong labanan dahil sa simpleng pagkaligta, pagpapatumpik-tumpik o di kaya'y lubhang huling pag-asikaso sa mga batayang gawain.

3.4. May makabuluhang epekto pa rin sa loob ng Partido ang ilang labi at impluwensya ng dogmatismo at saradong-pinto pagdating sa mga taktikang alyansa sa reaksyunaryong eleksyon. Makikita ito sa tendensyang maliitin ang mga bentaheng pwedeng makuha sa taktikal na pakikipag-alyansa sa mga reaksyunaryong kandidato, tendensyang kusang pakitirin nang walang matibay na batayan ang pag-ugnay at pakikipagmabutihan sa aktwal at potensyal na mga taktikal na alyado, at tendensyang kusang limitahan ang pleksibilidad sa taktika sa takot diumano na malito ang masa.

4. Para sa gawain at taktikang alyansa sa pinakamataas na antas kailangan ang mataas na antas ng konsolidasyon at disiplina ng mga rebolusyonaryong pwersa para maliksing umakma

nang hindi nagkakawatak-watak sa masalimuot na salimbayan ng mga maniobra, intriga at mabilis na pagbabagu-bago ng galaw at relasyon ng mga pwersa. Kaugnay nito, nilinaw ng Partido mula't sapul ang pampulitikang balangkas ng mga taktikang alyansa sa reaksyunaryong eleksyon at ang pangangailangang maging maingat at tahimik ang mga pakikipag-usap. Sa kabila ng mga ito, nagkaroon ng hindi kinakailangang pagkalat ng ilang usap-usapan, bagay na lalo pang pinalala ng misimpormasyon at hindi malusog na mga ispekulasyon. Bukod sa idinulot na pansamantalang sigalot sa ilang bahagi ng kilusan, ang alingasngas ay tinangkang gatungan ng mga reaksyunaryong ahente sa *psywar*. Dapat nating turuan ang mga rebolusyonaryong pwersa at masa na matutong makitungo at makipagtagisan sa ibang pwersa sa iba't ibang antas at balangkas, nang hindi humuhulagpos ang hawak sa mga rebolusyonaryong gawain at layunin.

## Mga taktikang alyansa sa mga kandidatong senatoryal.

5. Mas malawak ang naging gawaing alyansa sa mga kandidato sa pagkasenador. May mga hayagang inendorso ng mga ligal na progresibong pwersa, may nakasama ng mga progresibong party list sa komon na poster at balota, at may inimbitahan sa mga pagtitipon ng mga ligal na progresibong partido at organisasyong masa. Sa pamamagitan ng mga ito, mas napalawak at mas napalakas ang pusisyon ng mga progresibo sa mga usapin at labanang pambansa, mas mahusay na naabot ang mas malawak na masa. Napalapad ang payong laban sa pananalakay ng mga pasista at paninira/psywar ng mga sagadasaring kontrarebolusyonaryo at mga ahente nila. Nakapagpalitaw din ng dagdag na rekurso.

   Gayunman, nagkaroon ng sobrang pagluwag at paglabnaw sa pamantayan sa mga kandidatong iniendorso. Nagkulang din sa sentralisadong gabay at koordinasyon sa mga pakikipag-usap at pagpapatakbo ng pakikipag-alyansa sa mga kandidato. Nagkanya-kanya sa pakikipag-usap at kung minsa'y nagkabanggaan ang inisyatiba ng mga PPL, mga organisasyong sektoral at ilang teritoryo. Maliit sa kabuuan ang nakuhang dagdag na rekurso at dagdag na pagtatambol sa mga prayoridad na isyu.

   Dapat maging mas mapamili sa hayag na pag-endorso ng mga kandidatong senatoryal. Dapat tiyaking may sapat na batayang pulitikal at namamaksimisa ang mga pakinabang sa pulitika kung may hayag na pag-endorso.

   Dapat imaksimisa ang iba't ibang anyo ng tuwiran at di tuwirang pakikipagtulungan nang hindi umaabot sa hayag na pag-endorso, gaya ng pagbibigay ng pagkakataong magsalita sa harap ng kasapian ng mga organisasyong masa at alyansa, pagpapalahok sa mga rali, porum, debate at iba pang pagtitipon, pagtutulungan sa mga proyektong pakikinabangan ng masa at magbibigay din ng oportunidad sa kandidato na umugnay sa masa.

   Sa eleksyong presidensyal ang maniobrahan at galaw ng mga pangunahing kandidatong presidensyal ay malakas na umiimpluwensya sa hanayan at galaw ng mga kandidatong senatoryal, na umasa sa rekursong nagmumula sa mga kandidatong presidensyal at sumasakay sa kampanya at makinarya ng huli.

   May puwang para sa inisyatiba ng mga rehiyon, lokalidad at sektoral na organisasyon sa pakikipag-alyansa sa mga kandidatong senatoryal. Pero kailangang ikoordina ang mga ito sa pambansang antas at tiyaking hindi bumabangga sa huli.

### Mga taktikang alyansa sa mga kandidatong lokal.

6. Gaya sa pambansang antas, ang lokal na eleksyon ay kinokontrol ng mga reaksyunaryo sa pamamagitan ng salapi, dahas, manipulasyon ng mass media at pandaraya. Maliit na bilang lamang ng mga angkang malaking panginoong maylupa, malaking kumprador at malaking burukrata ang humahawak ng kapangyarihan sa mga bayan at probinsya. Naghahari ang kanilang dinastiya sa pulitika batay sa lambat ng mga kroni, padrino at kamag-anak na tumatagos mula barangay hanggang pambansang antas, mula burukrasyang sibil hanggang hudikatura, mula mga pribadong army hanggang sa PNP at AFP, mula sa mga NGO at organisasyong sibil hanggang sa mga sindikato ng ismagling, iligal na pagtotroso, huweteng at iba pang gawaing kriminal. Ang kontrol nila sa reaksyunaryong pulitika sa mga probinsya at bayan ang nagsisilbing pundasyon ng kanilang kapangyarihan at dahil dito, ang mga eleksyon para sa pagkontrol sa mga probinsya at bayan ay marumi, marahas at mabangis.

   Marami at mabigat ang mga hadlang sa mga progresibong kinatawan ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang uring inaapi. Gayunman, mahalagang bahagi ng pampulitikang pakikibaka ng Partido at mamamayan ang rebolusyonaryong dalawahang taktika sa mga reaksyunaryong eleksyon at sa tulong nito, ang pagsagpang sa lahat ng oportunidad na mapalawak ang pamumuno sa sambayanan, ang pagpupwesto ng mga progresibo o kahit man lamang mga elementong mas mapagkaibigan o handang makipagmabutihan (sa halip na mga sagadsaring reaksyunaryo), at ang pagkilos sa loob ng makinarya ng reaksyunaryong estado para tulungan ang pagpapalakas ng mga progresibo at pagpapahina ng mga reaksyunaryo. Batay sa lawak at sinsin ng baseng masa ng hukbong bayan at lawak ng ligal na demokratikong kilusan, ang mga progresibo ay maaaring magkaroon ng makabuluhang impluwensya sa lokal na eleksyon sa maraming lugar. Pwedeng mas lumaki pa ang papel nila depende sa tindi ng pagkakahati-hati at alitan ng mga reaksyunaryo.

   Dati, nagkasya ang mga progresibo sa pakikitungo sa mga lokal na eleksyon mula sa labas. Nagpopropaganda sila para ilantad ang reaksyunaryong eleksyon at mga reaksyunaryong partido at kandidato; hindi sila tuwirang lumalahok sa kampanya at botohan. Umuugnay sila sa mga kandidato para mangalap ng materyal at iba pang suporta—kagyat na suporta sa kalakhan—para sa kilusang masa at armadong pakikibaka. Ang mga negosasyon para sa permiso sa pangangampanya sa mga larangang gerilya ay naging malaganap na kalakaran at nagbigay-daan sa iba pang mga ugnayan at pagtutulungan. Pambihira at kalat-kalat lamang ang pagsuporta nila sa mga kandidato, at halos palagi sa paraang di tuwiran sa pamamagitan ng pagpapatindi ng pagtuligsa sa mga kandidatong mas reaksyunaryo at mas masahol. Sa gayong antas at paraan, nakapagpalitaw ng dagdag na mga rekurso, nakapagdagdag ng mga kaibigang pwedeng makatulong sa mga isyu at pakikibaka ng masa, nanyutralisa ang malaking bilang ng mga lokal na upisyal at pulitiko, at naihiwalay ang mga sagadsaring pasista, militarista at kontrarebolusyonaryo. Sa ilang probinsya, ginamit ang taktikang alyansa sa ganitong antas para pigilang mamonopolisa ng isang angkan o paksyon ang reaksyunaryong pulitikang lokal at mapatindi ang paksyunal na alitan ng mga reaksyunaryo.

   Ang kampanya para sa mga progresibong partido sa eleksyong party list ay nagtulak sa higit pang paglawak at paglalim ng gawaing alyansa sa mga lokalidad. Sa pakikipag-alyansa sa mga lokal na pulitiko, mas lumaki kaysa dati ang timbang ng pagkuha ng dagdag

na boto. Napatunayan ang kakayahan ng mga progresibo hindi lamang sa paglalantad at paghihiwalay ng mga pinakamasahol na reaksyunaryo, kundi maging sa pagkuha ng malaking boto. Pero sa punto de bista ng lokal na labanang elektoral, hindi pa rin tuwirang interbensyon ang pakikipag-alyansa para kumuha ng dagdag na suporta at boto para sa mga progresibong party list.

Sa nakaraang dalawang eleksyong lokal nagsimulang tuwirang magpresenta ng kandidato at mangampanya ang mga progresibo. Hinabol ang pagpapasok ng mga progresibo sa lokal na makinarya ng reaksyunaryong estado at nang sa gayon, makakuha ng dagdag na maniobrahan para sa pagpapalakas at pagtatanggol sa sarili. Kumpara sa dati, mas lumalaki ang kabuluhan, gayundin ang mga rekisito, ng dalawahang taktika sa labanang elektoral. Hindi na uubra ang dating pag-asikaso nang minadali, walang plano at walang preparasyon. Kailangan ang mas tuluy-tuloy na pagsubaybay at mas malalim na pagkilala at pakikipag-ugnayan sa mga pampulitikang grupo at personalidad, mas sistematiko at mas mahigpit na pag-ugnay sa mga alyado, mas matagalang paghahanda at pagbabalak, mas puspusang mobilisasyon ng pwersa para sa mga labanang elektoral, at mas masaklaw na pananaw sa gawain sa mga reaksyunaryong institusyon. Syempre pa, kinakailangan ang mas mahusay at mas malakas na pamumuno ng Partido sa mga larangan, distrito at probinsya.

Ayon sa aktwal na kakayahan at pusisyon sa isang lokalidad, ang paglahok/layunin natin sa eleksyon dito ay pwedeng alinman o kumbinasyon ng mga sumusunod:

6.1. Pagpapanalo/pagsuporta sa mga progresibo at mapagkaibigang kandidato sa pamamagitan ng mga taktikang alyansa.

6.2. Pagtulong/pagpabor sa mga kandidatong hindi gaanong reaksyunaryo para ilantad, ihiwalay at gapiin ang mga pinakamasahol na reaksyunaryo.

6.3. Pagpapaluwal ng suporta (boto, *endorsement*, pondo, *sample ballots*, atbp) para sa mga progresibong kandidato, partido sa eleksyong pambansa at lokal.

6.4. Pagpapalawak ng ugnay at pakikipagtulungan sa pinakamalapad na posibleng hanay ng mga pwersang mapagkaibigan bago, sa panahon at pagkatapos ng eleksyon.

6.5. Pagpapaluwal ng suporta para sa mga isyu at pakikibaka ng masa.

6.6. Pagpapalawak at pagpapalakas ng simpatiya at suporta para sa armadong pakikibaka.

7. Ang karanasan sa Isabela ay mainam na halimbawa ng paglaban sa eleksyong lokal na natural na bahagi at ekstensyon ng malawak na kilusang protesta at nagkakaisang prente laban sa naghaharing reaksyunaryong pangkating malaking burukrata at malaking warlord. Naririyan ang mga sangkap para sa matagumpay na kilusang masa, at syempre pa, ng isang kampanyang elektoral: mainit na isyung nakapukaw sa malawak na hanay ng karaniwang mamamayan, makitid na reaksyunaryong target, malawak na alyansa at kilusang nagtatamasa ng suporta ng mga panggitnang pwersa at mga maimpluwensyang sektor gaya ng mga taong simbahan, taong media, mga propesyunal at negosyante, at masigla at tuluy-tuloy na kilusang protesta at gawaing propaganda. Ang paglahok sa eleksyon ay lalo pang nagpalawak sa alyansa at nagpasigla sa mobilisasyon ng masa. Sa kabila ng malalaking

limitasyon sa organisasyon ng ligal na demokratikong kilusan, mabisang napangunahan nito ang kilusang protesta at koalisyong elektoral. Sa kabila ng napakalaking lamang ng kalaban sa makinarya, salapi, armadong pwersa at suporta ng naghaharing pangkating Arroyo—malubha silang naihiwalay sa pulitika at nasustini ng mga progresibong pwersa ang malawakang mobilisasyon ng masa hanggang sa pagbabantay sa balota. Sa pamamagitan ng mobilisasyon ng masa, mahusay na gawaing alyansa at mga pleksibleng taktika, nagapi ang todong paninirang anti-Komunista, pananakot, pandarahas at pandaraya ng pangkating Dy.

Sa kabilang banda, ang malakas na pakikibakang lokal ay hindi namaksimisa para sa pagpupwesto at pagpapanalo ng mas maraming progresibong lider at kandidato. Hindi namaksimisa ang pagsuporta sa mga PPL kahit mula sa mga alyadong nakinabang nang malaki sa koalisyong elektoral. Hindi rin napag-ukulan ng karampatang pansin ang paghahanda sa tagumpay sa eleksyon, laluna ang pagpupwesto ng mas maraming progresibo sa mga bentaheng pusisyon.

8. Sa ilang lokalidad, naipanalo ang ilang progresibong kandidato sa pamamagitan ng pakikipag-alyansa sa mga mapagkaibigang grupong pulitikal. Sa pakikipag-alyansa, naisagawa ang kampanyang mas malawak at mas malakas kung ihahambing sa sariling kayod lamang. Sa harap ng maigting na anti-Komunistang pananakot at pasistang pananalakay ng AFP at iba pang sagadsaring reaksyunaryo, lalo pang kritikal na rekisito ang mga taktika, pamamaraan at anyong alyansa para sa rebolusyonaryong dalawahang taktika sa reaksyunaryong eleksyon.

   Sa kabuuan, limitado pa ang tuwirang paglahok ng mga progresibo sa mga eleksyong lokal. Lubhang nahuhuli ito kahit pa ibatay lamang sa aktwal na saklaw ng baseng masa at tuwirang impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan. Bagamat malaki na ang isinulong ng Partido mula sa dogmatista at sobrang “kaliwang” pagsasara sa paglahok sa reaksyunaryong eleksyon, marami pang oportunidad na nasasayang at napalalampas bunga ng pagpapabaya at pagpapatumpik-tumpik. Sa maraming lugar ang mga progresibong pwersa  ay walang plano at seryosong paghahanda ng kandidato at tiket o di kaya'y masyadong nahuhuli kaya naipupwera sa paghahanayan at pagbubuo ng tiket ng mga blokeng may impluwensya sa pulitikang lokal. Mayroon pang mga kaso ng mga organisasyong masa at baseng masa na nabibitak at nagugulo bunga ng pag-aagawan ng mga pulitikong reaksyunaryo at burgis habang wala o labis na huli ang sariling plano at tindig ng Partido. Bunga pangunahin ng kapabayaan sa pagpaplano at paghahanda, nasasadlak ang mga progresibong pwersa sa menor na papel ng pasibong tagasuporta kahit sa mga lugar na bumubuo ng malaking bloke ng boto ang baseng masa ng kilusan. Ang kapabayaang ito ay maaaring bunga ng dogmatistang pagwawalang-bahala sa reaksyunaryong eleksyon, sektarismo o di kaya'y kasalatan sa karanasan at tiwala sa sarili ng mga namumunong kadre at komite ng Partido sa mga larangan, probinsya at rehiyon.

   Nakalasap din ng pagkatalo sa marami-raming lugar ang mga kandidatong progresibo at kandidatong sinuportahan na matagal nang alyado. Mga tampok na dahilan:

   8.1. Militarisasyon. Malawak at sistematiko ang paninira, panggigipit, pag-atake at pandaraya laban sa mga progresibong kandidato, tagakampanya at tagasuporta nila.

Tuluy-tuloy ang anti-Komunista at anti-teroristang pananakot ng AFP at minilitarisa ang mga baryo at bayang tukoy at pinaghihinalaang malakas ang baseng masa ng kilusan.

8.2. Pandaraya. Laganap at malala ang pamimili ng boto, na pinaglalaanan ng pinakamalaking bahagi ng pondo ng mga reaksyunaryong pulitikong lokal. Laganap na pandaraya sa bilangan ng boto. Ang mga angkang makapangyarihan sa reaksyunaryong pulitika sa mga lokalidad ay may kanikanilang makinarya ng pandarayang malalim na nakabaon sa istruktura ng Comelec at burukrasya ng reaksyunaryong estado.

8.3. Lubhang bulnerable ang mga progresibo sa pandaraya dahil walang nabuong makinarya at hindi namobilisa ang masa sa pagbabantay sa bilangan sa maraming lugar. Hindi rin napag-ukulan ng pansin ang hiwalay na kampanya at alyansa laban sa pandarahas at pandaraya sa eleksyon. Ang mga ito ang madalas na nakaligtaan sa maraming ditalye at gawain sa eleksyon.

8.4. Malaking bilang ng boto ang nasira at malaking bahagi ng baseng masa ang hindi bumoto bunga ng kakulangan sa pagpapakilos at paggabay. Marami-raming kaso ang bahagya lamang ang pagitan ng panalo at pagkatalo at ibayo pa sana ang naging tagumpay kung mas masinsin at mas sistematiko ang pagpapakilos at paggabay sa masa sa pagboto at pagbabantay sa bilangan.

8.5. Komandismo. Sa marami-raming lugar nagkasya ang mga namumuno sa pagbababa sa masa ng lista ng mga iboboto nang walang karampatang paliwanag sa mga isyu at kabuluhan sa pulitika at walang plano at ahitasyon para sa malawakang pagpapakilos sa masa. Sa ganito ring komandista at padaskul-daskol na pamumuno karaniwang naganap ang malaking bahagi ng baseng masa na hindi bumoto, gayundin ang maraming sirang boto.

8.6. Dogmatismo at sektarismo. Kakulangan ng pleksibilidad sa mga taktika, laluna sa pakikipagmabutihan at pakikipag-alyansa sa mga temporaryong alyadong reaksyunaryo. Sa marami-raming lugar ang pagtanggi, pag-aatubili o pagwawalang-bahala sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa pinakamalawak na posibleng hanay, kabilang na ang mga temporaryong alyadong reaksyunaryo, ay naglimita sa maniobra, rekurso, suporta at kuneksyon. Dala ng labis na pangambang malito ang masa o di kaya'y ng pag-iwas sa kumplikadong pakikitungo sa iba't ibang pwersa at personalidad, mas minamabuti pang maiwanan sa santabi o di kaya'y matalo nang walang kalaban-laban.

8.7. Mayroon ding pagkatalo bunga ng sobrang pagsalig at pagtitiwala sa mga alyado o di kaya'y pagkaubos ng panahon sa mga negosasyon, pakikipagtawaran at paghahabol sa mga alyadong hindi maaasahan at bunga niyon ay napabayaan ang mas mahalagang gawain sa pagpukaw at pagpapakilos sa pinakamalaking bilang ng mamamayan para itaguyod ang mga progresibong kandidato. Hindi pwedeng ipagpalit sa mobilisasyon at kampanyang masa ang komitment kahit ng malakas o dominanteng grupong lokal laluna't laging nariyan ang peligro na biglang talikdan o isakripisyo ng mga alyadong hindi maaasahan.

8.8. Mayroon ding kaso ng paglampas sa kakayahan sa pagpapatakbo ng sariling buong tiket na lalo pang lumabo ang tsansang manalo nang hindi naman tinumbasan ng karampatang pokus, pwersa at ubos-kayang pagkayod.

Sa kabuuan, ang tagumpay sa pakikibakang elektoral ay nakasalalay sa masikhay na pag-oorganisa't pagpapakilos sa masa at mga pleksibleng taktika. Kapag malawakang napakikilos ang masa sa kampanya, hindi lamang mas malaki ang tsansa ng panalo, namamaksimisa ang mga pakinabang sa pulitika matalo man o manalo sa botohan.

Kumplikado at ditalyadong gawain ang paglaban sa reaksyunaryong eleksyon. Sa maikling panahon ng kampanya, kailangang pukawin at sustinidong palakasin ang kasigasigan at pagkukusa ng libu-libong aktibista, boluntaryo at baseng masa para sa kampanya. Bukod pa ang maagap at wastong pakikitungo sa maigting at walang tigil na mga maniobrahan ng iba't ibang pwersang may malalim interes sa eleksyon. Kinakailangan ang masusing pagbabalak, ditalyadong pag-oorganisa at matamang pamumuno't paggabay sa masa.

Bagamat sekondaryong larangan ng pakikibaka kung ihahambing sa armadong pakikibaka at maging sa ligal na kilusang masa, hindi mali kung maging nangunguna o prayoridad ang gawaing elektoral sa panahon ng kampanya at eleksyon—kung walang mas malaki at mas mahalagang laban sa mas prayoridad na mga larangan ng pakikibaka. Malaki itong sukatan ng lakas ng mga pangunahing pwersa sa pulitika na dapat seryosong asikasuhin at pag-ukulan ng karampatang pwersa at pagsisikap kung nais itong impluwensyahan sa makabuluhang paraan.

9. Ang mga taktikang alyansa sa eleksyong lokal ay nakabatay sa mutwal na pakinabang at mutwal na bentahe at gumagamit ng lubos na pleksibilidad sa pagkukumbina ng mga hayag at lihim, tuwiran at di-tuwirang paraan at anyo ng pagtutulungan – para ang suporta mula sa ating organisadong baseng masa ay ibayo pang mapalawak sa pamamagitan ng pagkabig sa makabuluhan o mas malaki pang hanay ng mamamayang nasa impluwensya ng ibang pwersa at grupong pulitikal. Sa pamamagitan ng  pagkabig ng pinakamalapad na hanay ng mga alyadong matagalan at pansamantala, paghihiwalay sa mga pinakamasahol na reaksyunaryo, at paggapi sa kanila nang paisa-isa – imaksimisa natin ang mga puwang at oportunidad para sa pagpapalakas ng mga progresibong pwersa, pagsusulong ng mga pakikibakang bayan at pagpapahina sa mga reaksyunaryo. Bukod sa mga kagyat na pakinabang sa eleksyon, hangad ng mga taktikang alyansa sa eleksyong lokal na lumikha ng makabuluhang kagyat at matagalang mga pakinabang (materyal, pinansyal, organisasyunal, pulitikal, at iba pa) alang-alang sa kapakanan ng sambayanan at pagpapalawak at pagpapalakas ng mga rebolusyonaryong pwersa.

Mga halimbawa ng paraan at anyo ng pagtutulungan:

9.1. Koalisyong tiket o panauhing kandidato sa tiket ng alyadong partido. Kalakip ang iba't ibang antas ng lantad na pagtutulungan at kasunduan sa pagdeliber ng boto.

9.2. Lantad na pag-endorso sa alyadong tiket o kandidato

9.3. Bulong o pagsuportang tahimik at di-tuwiran sa pamamagitan ng mga impormal na pahiwatig at iba pang disimuladong senyales sa ating organisadong baseng masa

9.4. Lantad o tahimik, tuwiran o di tuwirang pagtutulungan sa kampanya, kabilang ang pagkakataong magsalita at umugnay sa mga organisasyong masa, paglikha ng mga oportunidad para mapatampok ang alyadong kandidato at matabunan ang kalaban, pagpaparami at pamumudmod ng mga materyales sa kampanya, mga pahayag ng pagsuporta sa pamamagitan ng mass media, pagbubuo ng mga bagong organisasyong magpapahayag ng pag-endorso o suporta sa kandidato at pagbatikos sa kalaban, at iba pa.

9.5. Lantad o tahimik, tuwiran o di tuwirang pagtutulungan sa pagbatikos, paghihiwalay at pagpapahina sa komon na kalaban

9.6. Suportang pondo, sample ballots, materyales sa kampanya, tauhan para sa kampanya

9.7. Permiso sa pangangampanya sa saklaw ng mga sona at baseng gerilya

9.8. Pagtutulungan laban sa pandaraya

9.9. Suporta sa kilusang masa, sa mga isyu at pakikibaka ng masa

9.10. Paglaban sa militarisasyon at mga pasistang pang-aabuso

9.11. Mga pusisyon, proyekto, iba pang pagtutulungan kapag nanalo

10. Ang pleksibilidad sa mga taktikang alyansa ay nakabatay sa pag-iiba-iba sa mga pwersang pampulitika at pagsamantala sa maigting na mga kontradiksyon sa pagitan ng mga reaksyunaryo. Pinag-iiba natin ang mga reaksyunaryong mabuti-buti at mas masahol, nakikipagmabutihan at ayaw, malaki at maliit, nasa kapangyarihan at wala. Madalas, matimbang na kunsiderasyon sa mga lokalidad ang pagiging aktibong kasabwat o kasalungat sa militarisasyon at pasistang panliligalig ng AFP. Kapag makabuluhan ang lakas ng rebolusyonaryong kilusan, karaniwang may mga reaksyunaryong pulitikong matagal-tagal nang nakikipag-ugnayan at nakikipag-intindihan sa ligal na kilusang masa o sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Sa mga lokalidad na may kinamumuhian at despotikong reaksyunaryong nasa kapangyarihan, ang mga taktikang alyansa sa eleksyon ay maaaring maging tuwirang bahagi ng mas malawak na kampanya at alyansa para pabagsakin ang lokal na tirano.

    May partikular na halaga ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga lokal na reaksyunaryong pulitiko at naghaharing reaksyunaryong paksyon sa pambansang antas at mga lokal na alipuris ng huli. Nagbibigay ito ng dagdag na lapad at timbang sa mga taktika at gawaing alyansa sa lokal na antas. Karaniwan ang mga taktikang alyansa sa lokal na antas ay umaayon at nagsisilbi sa mga taktikang alyansa sa pambansang antas. Subalit may puwang para sa isang antas ng pleksibilidad sa mga lokal na antas kaugnay nito, basta't may sapat na batayan, iniiwasan ang lantarang pagbangga sa mga kunsiderasyong pangkabuuan, at nagpapaubaya ang mga pangangailangang lokal kapag inoobliga ng kabuuan.

    Kapag makabuluhan ang lakas ng rebolusyonaryong kilusan sa lokalidad, madalas na handang makipag-ugnayan at makipag-intindihan ang mga reaksyunaryong paksyon, kahit man lang sa panahon ng kampanya at eleksyon. Wastong patakaran ang magbukas sa lahat

ng handang makipag-usap at makipag-intindihan. May mga pagkakataon ding pinamakatalino at nagdudulot ng pinakamalawak na inisyatiba at pakinabang ang hindi pagkiling sa alinmang reaksyunaryong paksyon. Subalit ang nyutralidad sa lokal na eleksyon ay maaari ding nangangahulugan ng pasibidad o kawalan ng makabuluhang papel dito. Hindi gaanong usapin ito kapag maliit at mahina pa ang organisadong baseng masa. Pero pwede ring naiipit ang mga progresibong pwersa sa nyutralidad at pasibidad bunga pangunahin ng konserbatismo at kawalan ng karampatang pansin, plano at paghahanda.

Kailangang iangkla at ikumbina ang pleksibilidad sa malinaw at matatag na tamang pagsusuri sa uri at rebolusyonaryong linya sa uri. Wastong maging bukas at alistong sumunggab sa mga oportunidad na makapagpalawak ng mga ugnay at alyansa. Kaalinsabay, huwag magpalito at magpatangay sa mga buladas at pagpapanggap ng mga reaksyunaryong pulitikong hirati sa balimbingan, oportunismo at kabulukan. Huwag ipagkamali ang alyadong pansamantala at di-maaasahan sa alyadong matagalan at maaasahan. Sapulin ang tunay na makauring katangian at interes ng mga reaksyunaryong pulitiko sa kabuuan at bawat sitwasyon at realistikong tayain, batay sa sarili nating lakas, ang katayuan at mga posibilidad ng alyansa sa kanila. Palaging maging alerto para hindi maipit sa lubhang pabagu-bagong mga relasyon at hanayan ng mga reaksyunaryong pulitiko.

Ang pleksibilidad ay dapat magsilbi sa pagpapalakas ng mga progresibo, pagkabig sa mga panggitnang pwersa at pagpapaunlad ng anda-andana ng mga rekisito sa pagbubuo ng pambansang nagkakaisang prente. Upang matupad ito, kailangang panghawakan ang prinsipyo ng pakikipagkaisa at pakikitunggali sa loob ng alyansa laluna sa mga reaksyunaryong alyadong pansamantala at di-maaasahan. Bukod sa kanilang reaksyunaryong interes, ang mga reaksyunaryong pulitiko ay sanay sa pagmanipula at pagdomina; hindi sila titigil sa pagtatangkang kontrolin at kasangkapanin o di kaya'y gulangan ang mga rebolusyonaryong pwersa. Kailangang mahigpit na panghawakan ang mga rebolusyonaryong layunin at prinsipyo, maging mapagmatyag at huwag pumayag na maging kasangkapan ng mga reaksyunaryong pulitiko. Huwag hayaang pakinabangan ng mga reaksyunaryong pulitiko ang rebolusyonaryong lakas at suporta ng ating baseng masa nang walang karampatang makabuluhang pakinabang para sa sambayanan at rebolusyon. Ang mga kadreng tagapag-ugnay sa mga alyado ay kailangang pili, eskperyensado, matatag sa prinsipyo at nasa ilalim ng matamang kolektibong superbisyon. Hindi iilan ang kaso ng mga kadreng tagapag-ugnay na natatangay ng paglalangis at panunuhol ng mga reaksyunaryong alyado hanggang sa maging higit na kinatawan at tagapagtanggol ng huli.

11. Lantad na pagsuporta o pagtataguyod. Habang hindi tuwirang kalahok sa eleksyon, wasto at kauna-unawa na ang mga ligal na progresibong pwersa ay nagkakasya sa tahimik at di-tuwirang mga paraan ng pagtulong sa mga alyadong kandidato at doble ang kanilang pag-iingat at paghihigpit sa pagkakaloob ng lantad na pagsuporta o pagtataguyod. Kadalasan, madalian at limitado lamang ang pakinabang kaya walang katuturang itaya ang prestihiyo ng demokratikong kilusan sa pagsuporta sa mga kandidatong hindi mapagkakatiwalaan sa isang prosesong pulitikal na lubhang marumi at madaya. Pero kapag tuwirang lumalahok sa reaksyunaryong eleksyon at nagiging bahagi ng mga koalisyong elektoral, nagiging natural na bahagi ng mga taktika at pagsangkot ng mga ligal na progresibong pwersa ang hayag na pagsuporta o pagtataguyod sa mga alyadong kandidato. Bagamat lubhang limitado at kalat-

kalat pa, palatandaan ng sumusulong na rebolusyonaryong dalawahang taktika ang relatibong mas litaw na pakikipag-alyansa at hayag na pakikipagsuportahan ng mga ligal na progresibong pwersa sa ibang pwersa sa nakaraang eleksyon.

Ang mga progresibong partido sa party list at progresibong kandidato – kumpara sa iba pang ligal na progresibong organisasyon – ay dapat lamang na mas agresibo at mas pleksible pa sa hayag na pag-ugnay, pakikipag-alyansa at lantad na pakikipagtulungan sa ibang partido at kandidato. Kinakailangan nila ito para magpalawak ng suporta, magpalitaw ng mga rekurso at makabuluhang lumahok sa reaksyunaryong eleksyon. Gayunman hindi sila pwedeng lumarga nang walang kunsiderasyon at walang koordinasyong tuwiran at di-tuwiran sa mga mayor na progresibong organisasyong masa at alyansa at iba pang bahagi ng progresibong kilusan. Bilang sekundaryong larangan ng pakikibakang ligal, ang pakikibakang elektoral ay dapat maglingkod sa kilusang masa at iba pang mas mahalagang larangan ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Bagamat malaki pa ang dapat ilawak ng tuwirang paglahok sa reaksyunaryong eleksyon, gayundin ng iba't ibang anyo ng pagsuporta at pakikipagtulungan sa mga alyado sa eleksyon, napansin na rin ang ilang labis na kaluwagan at iba pang problema sa pagtangan ng hayag na pagsuporta, gaya ng mga sumusunod:

11.1. Lantarang pagtataguyod (kabilang ang pagtao sa makinarya sa kampanya) sa reaksyunaryong kandidato nang walang makabuluhang batayang pulitikal at bukod pa'y malinaw na patalo, kapalit ng panandalian at kung tutuusi'y karampot na suportang materyal at pinansyal. Bandang huli, malakas ang dudang nagpabayad ang kandidato sa kalaban.

11.2. May mga munisipalidad, distrito at probinsyang mapagpasya o matimbang na pwersa sa eleksyon ang malaking baseng masa ng kilusan. Hindi lamang sa hindi natin namamaksimisa ang ganitong lakas kundi may mga pagkakataon pang pinababayaan natin ang mga alyadong reaksyunaryong pulitiko na pakinabangan nang husto ito – may lantad mang pagsuporta natin o wala – kapalit ng maliit na halaga, ilang armas at malambot na mga komitment sa patuloy na pagtutulungan.

11.3. May mga kaso rin ng labis na maagap at hindi matamang pinag-isipang lantad na pagsuporta sa reaksyunaryong kandidato, bagay na agad nagpapakitid ng maniobra sa pakikipag-ugnayan at pakikipagkasundo sa iba pang kandidato -- nang wala namang napakalaking dahilan o bentaheng nakukuha.

11.4. May mga kaso rin ng lantad na pagsuporta sa mga kandidatong mangungurakot at mabaho sa masa, nang walang nakapananaig at mabigat na batayan.

Habang iniengganyo sa kabuuan ang mas maraming inisyatiba ng mga progresibong organisasyon at pwersa sa pag-ugnay at pakikipag-usap sa aktwal at potensyal na mga alyado sa eleksyon, kailangang mulat na iwasan ang labis na pagkakanya-kanya at ang tahasang banggaan ng iba't ibang inisyatiba. Sa mga syudad, munisipalidad at probinsya, dapat kilalanin ang inisyatiba at karapatan ng mga kinauukulang teritoryal na organo at

dapat magpasintabi at magbigay-puwang sa kanila ang iba pang inisyatiba. Kaalinsabay, sa mga ugnayan, usapin at personalidad na pambansa, dapat tiyaking hindi sumasalungat o nakakagulo ang mga lokal na ugnayan at inisyatiba.

12. Sa mga sona at baseng gerilya ng BHB, ang paghingi ng mga kandidato ng permiso sa pangangampanya at ang pagkakaloob ng BHB nito ang minimum na anyo ng pakikipagmabutihan sa panahon ng reaksyunaryong eleksyon. Sa pakikipag-usap ng mga kandidato para sa PTC, hindi lang permiso ang karaniwang hangad nila, kundi ang pagkuha ng pagsuporta at tulong o di kaya, sa pinakamenos, mapagkaibigang nyutralidad ng mga rebolusyonaryong pwersa. Sa kabilang banda, sinasamantala ng BHB at NDF ang pagkakataon para magpalawak ng ugnay, maghanap at magsubok ng iba't ibang posibleng antas at anyo ng pakikipagtulungan para sa ikabubuti ng masa at mga komunidad sa loob ng mga sona at baseng gerilya at para sa pagsusulong ng adhikaing makabayan at demokratiko, at itaguyod ang demokratikong kapangyarihang pampulitika.

    Dahil nangungunang target ng anti-komunista at anti-teroristang paninira ng AFP at mga psywar agents nila ang PTC kailangang mahigpit na panghawakan ang lihim na katangian ng mga negosasyon at kasunduan kaugnay nito. Patuloy na palawakin ang pagpapairal ng PTC pero gawin din ito nang tahimik.Hindi pwedeng igiit nang igiit ang pagpapairal ng kapangyarihang pampulitika nang walang kunsiderasyon sa ligalidad at kaligtasan ng kaugnayang mga grupo at personalidad. Patampukin kaugnay nito ang pampulitikang batayan at katangian sa halip na ang singil.

13. Importanteng aspeto ng dalawahang taktika sa reaksyunaryong eleksyon ang kampanya at alyansa laban sa pandaraya laluna't mas tumitindi habang lumalaon ang mga maniobra at pakana ng mga sagadsaring reaksyunaryo para pigilan at limitahan ang pagsangkot ng mga progresibo sa reaksyunaryong eleksyon. Di hamak na mas malaki pa sana ang tagumpay ng mga progresibo sa nakaraang eleksyon kung napag-ukulan ng karampatang pansin ang pagbabantay sa boto at kampanya laban sa pandaraya. Sa kabuuan, lubhang maliit at kapos ang pansin at panahong naiukol dito.

14. Kahit maliit ang bilang, hindi maikakaila ang malaking ambag ng mga progresibong representante sa loob ng reaksyunaryo parlamento sa paglalantad at paghihiwalay sa papet at pasistang rehimeng US-Arroyo; paglalantad at pagbatikos sa mga pwersa at pakanang papet, pasista at anti-mamamayan; pagtataguyod sa mga progresibong adhikain at mga pakikibakang bayan, at pagpapalawak ng nagkakaisang prente. Epektibong itinataguyod nila ang linya at pakikibakang rebolusyonaryo sa loob ng reaksyunaryong institusyon nang mulat na nagmamatyag laban sa peligro ng repormismo, parlamentarismo at personal na pagkabulok. Hindi nakapagtatakang manggalaiti ang mga sagadsaring reaksyunaryo sa garapalang paninira, pananakot at panggigipit sa kanila. Pero habang mas lumalala ang kanilang mga maniobra at pakana, lalo namang nilalapastangan ng mga reaksyunaryo ang sarili nilang mga tuntunin, lalo nilang inilalantad ang kabulukan ng kanilang paghahari. Anuman ang mga hirap at sakripisyo, determinado ang mga progresibong pwersa na patuloy na matuto sa mga karanasan, magpaunlad at magpahusay sa rebolusyonaryong dalawahang taktika sa reaksyunaryong eleksyon at sa loob ng reaksyunaryong parlamento, magpalawak at magpaunlad ng mga pamamaraan sa pakikipaglaban nang tit for tat sa mga reaksyunaryo.

Kailangan ding isustini at patuloy na paunlarin ang gawain sa loob ng lokal na makinarya ng reaksyunaryong estado. Sunggaban ang lahat ng pagkakataon para makapagpwesto ng progresibo at mapagkaibigang mga elemento sa iba't ibang antas ng reaksyunaryong burukrasya. Ituluy-tuloy ang ugnay at pakikipagkoordina sa mga alyadong lokal na upisyal at engganyuhin silang magtayo ng mga upisina at magpatupad ng mga proyektong kapakipakinabang sa masa at makapagbibigay ng dagdag na puwang para sa mga progresibo at masa. Patuloy silang engganyuhing sumuporta sa mga kampanya at pakikibakang masa. Ang patuloy na pagpapaunlad ng gawain sa loob ng reaksyunaryong burukrasya ay bahagi ng paglalatag ng mga rekisito para sa mas malawak at mas mabisa pang dalawahang taktika sa susunod na mga reaksyunaryong eleksyon.

Eof/